# PAMAMARAAN SA REKLAMO NG TAUHAN

## PAANO MAGSUMITE NG REKLAMO

Magagawa sa maraming paraan ang reklamo ng maling pag-uugali ng mga tauhan ng Sheriff's Office tulad ng inilarawan sa ibaba. Maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagsusumite ng Form ng Reklamo ng Tauhan ng Kern County Sheriff's Office nang personal, sa telepono, sa koreo, sa electronic mail, o sa fax. Puwede ring maghain ng reklamo sa pamamagitan ng website ng Kern County Sheriff's Office (https://www.kernsheriff.org/complaints). Maaaring gawin ang mga reklamo ng sinuman, kabilang ang mga hindi kilalang reklamo (anonymous). Puwedeng gawin ang reklamo sa anumang anyo na piliin ng nagrereklamo, kabilang ang nakasulat, pasalita, o elektronikong paraan. Hindi kailangang gamitin ang form ng KCSO upang makapaghain ng reklamo.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Internal Affairs Unit sa Kern County Sheriff's Office – Support Services Building, 34970 McMurtrey Ave, Second Floor, Bakersfield, California 93308, o sa pamamagitan ng pagtawag sa (661) 392-6791 mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes (maliban kapag holiday). Maaari mo ring kontakin ang Sheriff's Office Communications Center sa (661) 861-3110 o anumang substation ng Sheriff's Office at humiling na makipag-usap sa isang tagapangasiwa.

Available ang mga form ng reklamo sa publiko sa bawat istasyon ng Sheriff, sa mga hukuman ng Kern County, sa mga aklatan ng Kern County, at sa mga social media site ng KCSO. Puwedeng nakaselyo sa sobre na may markang "Internal Affairs" ang nakumpletong form ng reklamo at inihatid sa anumang opisina o substation ng Kern County Sheriff's Office. Maaari ring makuha at ibalik ang mga form ng reklamo ng tauhan sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng pagtawag sa (661) 392-6791. Bukod pa rito, maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, sa pagtawag sa (661) 392-6791 at pakikipag-usap sa imbestigador ng Internal Affairs, o sa pamamagitan ng email sa INTERNALAFFAIRS@KERNSHERIFF.ORG. Tatanggapin at iimbestigahan ng Sheriff's Office ang anumang reklamo na ipinadala sa pamamagitan ng mga social media outlet o anumang iba pang hindi tradisyonal na paraan ng komunikasyon.

Hinihiling ang sumusunod na impormasyon, ngunit hindi kinakailangan, para maproseso ang reklamo mo:

1. Maliban kung ang reklamo ay isinusumite nang hindi nagpapakilala, ang iyong pangalan, tirahan, at numero ng telepono.
2. Ang lokasyon, petsa, at oras ng pinaghihinalaang insidente.
3. Kung mayroon, ang pangalan, tirahan, at numero ng telepono ng sinumang saksi sa pinaghihinalaang insidente.
4. Kung alam, ang mga pangalan, paglalarawan, o iba pang pagkakakilanlan ng mga tauhan ng Sheriff's Office na sangkot.
5. Lahat ng detalye ng insidente na naging dahilan ng iyong reklamo.
6. Maliban kung ang reklamo ay isinusumite nang hindi nagpapakilala, ang iyong lagda sa mga nakalaang bahagi ng form ng reklamo.

## IMBESTIGATIBONG PAMAMARAAN

Iimbestigahan ang reklamo mo, at aabisuhan ka tungkol sa magiging resulta kapag nakumpleto na ang imbestigasyon. Maaaring tumagal ang proseso ng imbestigasyon ng hanggang isang taon bago makumpleto. Pagkatapos makumpleto, pananatilihin ang lahat ng mga imbestigatibong ulat sa loob ng hindi bababa sa limang taon. Nakatuon ang Kern County Sheriff's Office sa maagap, patas, at masusing pag-iimbestiga ng lahat ng reklamo, anuman ang paraan ng pagsusumite ng mga ito. Pagkatapos ng pormal

na pagsusuri ng mga paratang at mga natuklasan sa imbestigasyon, makakatanggap ka ng isang close-out na liham na may isa sa mga sumusunod na resolusyon:

**Napanatili (Sustained):** Natuklasan sa imbestigasyon ang sapat na ebidensya upang mapagpasyahan na naganap ang paratang. Ang pamantayan ng katibayan ay ang mas pinapaborang ebidensya (preponderance of evidence).

**Hindi Napanatili (Not Sustained):** Nabigo ang imbestigasyon na magbunyag ng sapat na ebidensya para malinaw na patunayan o pabulaanan ang paratang.

**Napawalang-sala (Exonerated):** Naganap ang inirereklamong pangyayari; gayunman, ipinakita ng imbestigasyon na ito ay may sapat na batayan, naaayon sa batas, at wasto.

**Walang batayan (Unfounded):** Malinaw na napatunayan na hindi totoo ang mga paratang. Nalalapat din ang pasyang ito kapag ang (mga) indibidwal na tauhang pinangalanan ay hindi sangkot sa naganap na kilos o mga kilos.

**Walang batayan-Walang kabuluhan (Unfounded-Frivolous):** Ganap at lubusang walang merito o isinampa lamang para mangggulo o mangharas.

Sa ilalim ng batas ng California, sa maraming pagkakataon, kumpidensyal ang ipapataw na aksyong pandisiplina, kaya hindi ito ipaaalam sa nagrereklamo.

Sa panahon ng imbestigasyon sa reklamo, maaaring makita ng imbestigador na nakagawa ang empleyado ng iba pang aksyon na lumabag sa patakaran at pamamaraan ng departamento at/o batas ng Estado o Pederal. Iimbestigahan ang mga paglabag na iyon, at isang disposisyon ang ibibigay para sa mga paglabag na iyon.

Tahasang ipinagbabawal ng Kern County Sheriff’s Office ang pag-profile sa lahi at pagkakakilanlan. Nakatuon ang Kern County Sheriff’s Office sa pagbibigay ng mga serbisyo at pagpapatupad ng mga batas sa propesyonal, walang diskriminasyon, patas, at pantay na paraan na pinapanatiling ligtas at protektado ang parehong komunidad at mga kinatawan. Ang pag-profile sa lahi o pagkakakilanlan ay tinukoy bilang ang pagsasaalang-alang ng, o pag-asa sa, sa anumang antas, aktwal o pinaghihinalaang lahi, kulay, etnisidad, bansang pinagmulan, edad, relihiyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, o kapansanan sa pag-iisip o pisikal sa pagpapasya kung sinong mga tao ang sasailalim sa paghinto o sa pagpapasya ng saklaw o sangkap ng mga aktibidad sa pagpapatupad ng batas pagkatapos ng paghinto, maliban kapag maaaring isaalang-alang o umasa ang kinatawan sa mga katangiang nakalista sa partikular na paglalarawan ng suspek. Kabilang sa mga naturang aktibidad ang, pero hindi limitado sa, mga paghinto ng trapiko o pedestrian, o mga aksyong ginawa habang nakahinto, tulad ng pagtatanong, pagkapkap, sinang-ayunan at hindi sinang-ayunang paghahanap ng tao o anumang ari-arian, pag-agaw ng anumang ari-arian, pag-alis ng mga sakay ng sasakyan sa panahon ng paghinto ng trapiko, pag-isyu ng pagsipi, at pag-aresto.

Hindi papayagan at salungat sa misyon ng Sheriff's Office ang paghihiganti sa paggawa ng reklamo ng tauhan. Hinihikayat na iulat ang anumang aksyon ng paghihiganti sa Sheriff’s Office sa lalong madaling panahon.

Mananatiling kumpidensyal ang personal na impormasyon ng nagrereklamo maliban kung kinakailangan upang maresolba ang reklamo, alinsunod sa mga batas ng Estado ukol sa pampublikong pagsisiwalat ng impormasyon.

Matatagpuan ang mga patakaran at pamamaraan ng Kern County Sheriff’s Office na nauugnay sa proseso ng reklamo ng empleyado sa “Seksyon D” sa sumusunod na link sa web:

https://www.kernsheriff.org/Policies

Kung kailangan mo ng mga pisikal na kopya ng mga patakaran at pamamaraan ng Sheriff's Office, maaaring makuha ang mga kopya mula sa Sheriff's Headquarters o anumang Substation ng Sheriff's Office.

# FORM NG REKLAMO LABAN SA MGA TAUHAN NG KERN COUNTY SHERIFF'S OFFICE

Magagamit Lang sa Opisina:

File #: _______________

## NAGREREKLAMO

**Lagyan ng tsek ang naaangkop sa iyo:**

☐ **Sangkot** (Nakontak ng mga deputy) ☐ **Saksi** (Naroon sa insidente) ☐ **Hindi Saksi** (Wala sa lugar ng insidente)

| Isinumite para sa isang menor de edad: ☐ **Oo** ☐ **Hindi** | Petsa/Oras ng Reklamo: |
|---|---|

**Ang Pangalan, Edad, Kasarian, Lahi/Etnisidad, Oryentasyong Sekswal, at Pangunahing Wika ng sangkot at/o nag-uulat na indibidwal ay hinihingi alinsunod sa KCSO/Kern County/CADOJ Stipulated Judgment, Paragraph 134. Opsyonal ang mga impormasyong ito at puwedeng iwanang blangko ang alinman o lahat.**

| Pangalan (Apelyido, Pangalan, Gitnang Pangalan) | Petsa ng Kapanganakan | Edad | Kasarian | Oryentasyong Sekswal |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| Lahi / Etnisidad | Ingles ba ang pangunahing wika? | Kailangan ba ng Tagasalin? | Nabilanggo sa Panahon ng Insidente? |
|---|---|---|---|
| | ☐ Oo ☐ Hindi | ☐ Hindi ☐ Ingles ☐ Espanyol ☐ Iba pa: __________________ | (**Magbigay ng Booking Number**) |

| Address ng Tirahan | Email mo | (Mga) Numero ng Telepono | Pinakamagandang oras para tumawag? |
|---|---|---|---|
| | | | |

| Abugado o Kinatawan (Kung Naaangkop) | Atty. Telepono | Atty. Email |
|---|---|---|
| | | |

## INSIDENTE

| Uri ng Insidente (hal., Traffic Stop, Pedestrian Stop, atbp.) | Petsa at Oras ng Insidente | Kung Sangkot, Inaresto ba sa Panahon ng Insidente? | May Paggamit ba ng Puwersa sa Insidenteng Ito? |
|---|---|---|---|
| | | ☐ Oo ☐ Hindi ☐ N/A | ☐ Oo ☐ Hindi |

| Lokasyon ng Insidente | Numero ng Ulat ng Krimen (kung mayroon) |
|---|---|
| | |

| Ilarawan ang Anumang Pinsalang Natamo: |
|---|
| |
| |
| |

## (MGA) EMPLEYADO NG KCSO (kung kilala) *Mailalagay ang karagdagang impormasyon o paglalarawan sa pahina ng salaysay

| Pangalan | Division/Unit | Ranggo | Numero ng Badge | Numero ng Sasakyan | Kasama ba sa insidente ang alinman sa mga sumusunod na salik? |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | | (***Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop***)<br>☐ Aktuwal o Pinaghihinalaang Pagkiling (Bias)<br>☐ Hindi Angkop na Paggamit ng Puwersa<br>☐ Hindi Sapat na Pagganap ng Tungkulin<br>☐ Hindi Wastong Paghahalughog, Pagpigil, o Pag-aresto |
| 2. | | | | | |
| 3. | | | | | |
| 4. | | | | | |

## (MGA) SAKSI *Makakapaglagay ng (mga) karagdagang saksi sa pahina ng salaysay

| Pangalan | Address | Telepono |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |

## PAG-PROFILE SA LAHI O PAGKAKAKILANLAN

Sa panahon ng pakikipag-ugnayang ito sa mga tauhan ng Sheriff's Office, naniniwala ka ba na ikaw ay pinahinto, inaresto, hinanapan, o pinigil ng tagapagpatupad ng batas batay, kahit paano, dahil sa iyong lahi o etnisidad (kabilang ang kulay), nasyonalidad/nasyonal na pinagmulan, kasarian, edad, relihiyon, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, kapansanan sa pag-iisip, o kapansanan sa katawan?

☐ Oo ☐ Hindi

**Kung oo,** piliin ang (mga) uri ng pag-profile na sa palagay mo ay naganap (lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):

| | | |
|---|---|---|
| ☐ Lahi o etnisidad (kabilang ang kulay ng balat) | ☐ Relihiyon | ☐ Oryentasyong sekswal |
| ☐ Nasyonalidad | ☐ Kasarian | ☐ Kapansanan sa pag-iisip |
| ☐ Edad | ☐ Pagpapahayag ng kasarian | ☐ Kapansanan sa katawan |

| **Tauhan ng KCSO na Tumatanggap ng Reklamo** | |
|---|---|
| | |
| Lagda ng Tauhan ng KCSO na Tumatanggap ng Reklamo | Naka-print na Pangalan ng Tauhan ng KCSO na Tumatanggap ng Reklamo |

| Petsa at Oras na Natanggap ng KCSO | Ibinigay ang Kopya Kay: | ***(I-check ang isa)*** |
|---|---|---|
| | Pangalan: | ☐ Koreo<br>☐ E-Mail<br>☐ Fax<br>☐ Personal na Inihatid<br>☐ Iba pa: |
| | May isinumite bang mga larawan at/o video ng mga pinsala kasama ng reklamo?<br>☐ **Larawan** ☐ **Video** ☐ **Wala** | |

**PAGLALARAWAN NG INSIDENTE**
**Mahalagang magsama ng maraming makatotohanang detalye hangga't maaari para ganap na maimbestigahan ang insidente.**

(Magpatuloy sa form ng karagdagang salaysay kung kinakailangan)

**KERN COUNTY SHERIFF'S OFFICE**
**FORM NG KARAGDAGANG SALAYSAY SA REKLAMO NG TAUHAN**

| Karagdagang Salaysay |
| --- |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |

**Sumasailalaim na Empleyado:**

________________________________________

Pangalang Nakasulat nang Malinaw

________________________________________ ____________________________

Lagda Petsa ng Paglagda